MEDIA RELATIONS UNIT
OFFICE OF THE SECRETARY
NEWS MONITORING

Newspaper Balita
Date 16 June 2014
Page/s 2

Dengue vaccine, available na sa 'Pinas sa 2016

Magiging available na sa bansa ang bakuna na panlaban sa dengue sa 2016.

Ito ang inianunsiyo ng Sanofi Pasteur sa idinaos na Asean Dengue Day sa Clark, Pampanga na may temang ASEAN Unity and Harmony: A key to combat dengue nitong Hunyo 14 at 15.

"#sanofipasteur announced #denguevaccine to debut in #PH by 2016 #aseandengueday2014," tweet pa ni Health Assistant Secretary Dr. Eric Tayag, director ng National Epidemiology Center (NEC) ng Department of Health (DoH).

Malaki aniya ang maitutulong ng naturang bakuna upang makaiwas sa nakamamatay na sakit ang mga Pinoy.

Kasabay nito, iniulat naman ni DoH spokesman Dr. Lyndon Lee-Suy, program manager ng DoH-Emerging and Reemerging Diseases, na nakapagtala ang departamento ng 23,867 kaso ng dengue mula Enero hanggang Mayo 31, 2014.

Nilinaw naman ng health official na ang naturang bilang ay mas mababa ng higit pa sa 50 porsiyento kumpara sa naitalang kaso noong 2013.

Mary Ann Santiago